
LEVEL 3

# Leveled Reader
## in Filipino

# Kabang: Asong Bayani




Kuwento ni Yvette U. Tan
Inedit ni Ani Rosa Almario
Guhit ni Hannah Manaligod




“ ‘Nay! ‘Tay! May pag-asa na si Kabang. Maraming tao ang nagbibigay ng pera para maipagamot siya,” sabi ni Aldo.

“Sino si Kabang?” tanong ni Nanay.

“ ‘Nay naman! Siya po ‘yung asong nagligtas sa dalawang bata na muntik nang masagasaan ng motorsiklo,” pahangang sabi ni Aldo.

Alam ni Aldo ang lahat ng kuwento tungkol kay Kabang. Lagi niyang sinusubaybayan ang kuwento ni Kabang sa diyaryo at sa TV. “ ‘Nay, gusto ko pong ibigay ang *allowance* ko ngayong linggo kay Kabang. Isa siyang kahanga-hangang aso,” sabi ni Aldo.



“Sandali, anak. Ano naman ba ang kahanga-hanga kay Kabang?” patuksong tanong ni Tatay.

Asong-kalye si Kabang. Napulot siya ni Mang Rudy Bunggal noong tuta pa lamang. Plano nga niyang lutuin at kainin si Kabang ngunit nahulog ang loob niya rito.

Isang araw, naglakad-lakad ang anak ni Mang Rudy na si Dina at ang pinsan nitong si Princess. Bigla na lang napansin ng dalawang bata ang matulin no motorsiklong patungo sa kanila. Tumalon agad si Kabang sa harapan ng parating na motorsiklo. Nailigtas niya ang mga bata. Pero si Kabang... naipit ang ilong, nguso, at baba sa gulong  ng motorsiklo. Napahinga nang malalim si Aldo.



“Nawala si Kabang ng dalawang linggo pagkatapos ng aksidente. Nang bumalik ito, halos wala na siyang mukha. May impeksiyon pa ang kaniyang mga sugat. Dinala ni Mang Rudy si Kabang sa isang beterinaryo. Binigyan ng gamot si Kabang ngunit di kayang ayusin ng beterinaryo ang mukha nito. Sabi ng mga opisyal sa Animal Control ng Zamboanga, mas mabuti pang patayin na lang si Kabang para di na siya maghirap. Ngunit di sumang-ayon si Mang Rudy at ang pamilya niya,” kuwento ni Aldo.

“Di nagtagal, maraming nakaalam sa ginawa ni Kabang. Nadiyaryo siya at doon nagsimulang makilala si Kabang,” pagmamalaking kuwento ni Aldo.




"Ano naman itong pagkolekta ng pera para kay Kabang? Para saan 'yon?" tanong ni Tatay.

"May nars sa Amerika na nakabasa tungkol sa nangyari kay Kabang. Sinimulan niya ang pondong *Care for Kabang* para maipagamot ito. May sapat kasing teknolohiya sa Amerika para maiayos ang kaniyang mukha." Halatang gusto rin ni Aldo na mapagamot ang aso.

"Sana nga. Napakabuti niyang aso," sabi ni Nanay. Noong hapon ding 'yun, sinamahan ni Tatay si Aldo upang magpadala ng pera sa pondong Care for Kabang.

## I. Pagsunod-sunod ng Pangyayari

Ayusin ang mga pangungusap ayon sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.
Lagyan ng bilang 1-5 ang mga ☐:

☐ May matuling motorsiklo na muntik nang bumangga kina Dina at Princess.

☐ Naipit ang ilong, nguso, at baba ni Kabang sa gulong ng motorsiklo.

☐ Tumalon si Kabang sa harapan ng parating na motorsiklo upang iligtas ang mga bata.

☐ Naglalakad sina Dina at Princess sa kalye.

☐ Nagkaimpeksiyon si Kabang dahil sa mga sugat niya sa mukha.

## II. Mga Salitang Hiram

Isulat ang baybay ng salitang-hiram sa wikang Filipino:


| Mga Salita sa Ingles | Ang Baybay ng Salitang Hiram sa Wikang Filipino |
|---|---|
| 1. teacher | |
| 2. computer | |
| 3. tricycle | |
| 4. television | |
| 5. nurse | |
| 6. doctor | |
| 7. driver | |
| 8. cake | |




Maliban kay Aldo, marami pang tao mula sa mahigit 40 bansa ang nagbigay ng pera sa programang *Care for Kabang*. Pagkaraan ng ilang buwan, nagkaroon ng sapat na pera para maipagamot sa Amerika si Kabang.

" 'Nay! 'Tay! Paalis na papuntang Amerika si Kabang! Tingnan ninyo ito. Mahigit 300 aso ang dumalo sa despedida niya. Ang saya naman!" pagbibida ni Aldo habang binabasa ang diyaryong hawak.

"Aba! Sikat na nga siya! Huwag mong sabihing may sarili pa siyang parada na gaya ng *Heroes' Welcome* ni Pacquiao," natatawang sabi ni Tatay.




Makalipas ang ilang buwan, nakauwi na rin sa wakas sa Pilipinas si Kabang. Maligaya siyang sinalubong ng buong bansa. Bidang-bida si Kabang.

Hindi man naibalik ang dati niyang mukha, naayos naman ng mga doktor ang ilong at bibig niya para di na ito maimpeksiyon. Dahil dito, maaaring mabuhay na parang normal na aso si Kabang.

Pinanood ng pamilya ni Aldo sa telebisyon ang maligayang pag-uwi ni Kabang sa Zamboanga City. Binigyan pa ng alkalde ng Zamboanga City ng isang katangi-tanging parangal si Kabang. Tinawag siyang "Pride of Zamboanga."



“Buti na lang at may masayang katapusan sa kuwento ni Kabang,” sabi ni Aldo habang isinasara ang pinanonood niyang telebisyon. Kailangan na kasi niyang gumawa ng takdang-aralin at magsulat ng tula tungkol sa isang bayaning hinahangaan niya.

“Puwede kayo akong magsulat tungkol kay Kabang?” tanong ni Aldo.


“Bakit naman hindi? Para rin naman siyang bayani dahil isinakripisyo niya ang sarili para sa dalawang bata,” sagot ni Tatay.



Nang magtanong si Gng. Rizal kung sino ang gustong magbahagi ng kanilang tula, itinaas kaagad ni Aldo ang kaniyang kamay. Ito ang tulang ibinahagi:

Kahanga-hanga talaga si Kabang!
Isa siyang asong matapang.
Tumalon siya sa harapan ng motorsiklo
nang dalawang bata ay masaklolo.
Nawalan tuloy siya ng ilong at baba.
Kawawang Kabang!
Buti na lang at maraming nakaalam
tungkol sa kaniyang ginawang kabayanihan.
Pera ay inipon upang siya ay tulungan.
Mabuhay ka, Kabang!

“Napakagandang tula,” may paghangang sabi ni Gng. Rizal kay Aldo.



Tinuloy ni Gng. Rizal ang sinasabi, “Puwedeng maging bayani ang sinuman. Hindi kailangan ng napakalaking sakripisyo tulad ng ginawa ni Kabang para maging isang bayani.”

Napaisip si Aldo at ang kaniyang mga kaklase.

Inilista nila ang mga kaya nilang gawin araw-araw upang maging munting bayani. Ito ang mga inilista nila:

- Hatian ng baon ang kaklaseng walang dalang pagkain.
- Tulungan ang kaklaseng nahihirapan sa aralin.
- Tulungan sina Tatay at Nanay sa paghugas ng pinggan.

Ano-ano pa kaya ang puwedeng gawin ng mga batang tulad ni Aldo upang maging mga munting bayani?

## I. Talasalitaan

Punan ang bawat pangungusap ng angkop na salita. Piliin ang sagot sa loob ng kahon:

| | | |
|---|---|---|
| mangangaso | kapansanan | sapat |
| gumagabay | natunton | nahulog ang loob |

1. Si Chico ang ___________ sa nanay niya sa paglakad para hindi ito madapa.
2. Dahil sa kabaitan ni Lino, ___________ ng amo sa kaniya.
3. Noong unang panahon, nanghuhuli ng hayop ang mga ___________ sa gubat.
4. ___________ ni Elena ang nawawala niyang kapatid sa palaruan.
5. Wala siyang ___________ na pera na pambili ng pagkain. Buti na lang binigyan siya ni Bea.
6. May ___________ ang anak ni Gng. Jose. Hindi ito makalakad mula pagkabata.

## II. Pagsulat: Ano Ang Gagawin Ko?

Ilista ang mga gagawin para maging munting bayani:

**Paano Ako Magiging Isang Munting Bayani?**

1. ________________________________________
2. ________________________________________
3. ________________________________________